TAGALOG

Transportasyon ng Metro para sa mga Mag-aaral ng Ballard at Franklin High School

Simula sa Setyembre 2006, ang mga mag-aaral ng Ballard at Franklin High School na nararapat para sa libreng transportasyon ay sasakay ng bus ng Metro. Sasabayan nila ang karamihan ng mga mag-aaral na nasa sekundarya na sumasakay na ng bus ng Metro papasok.

Sino ang nararapat para sa transportasyon ng Metro?

Ang mga mag-aaral ng Ballard at Franklin High School ay nararapat para sa libreng transportasyon kung sila ay nakatira ng mahigit pa sa 2.5 na milya mula sa paaralan.

Kung ang inyong mag-aaral ay may espesyal na edukasyong IEP, ang transportasyon ay ipagkakaloob ayon sa IEP. Kung ang mag-aaral ay may plano para maaring maisagawa para sa 504, ang transportasyon ay ipagkakaloob ayon sa plano na iyon.

Bakit ginagawa ang pagbabago na ito?

Ito ay eksperimentong programa para sa mga mag-aaral sa Ballard at Franklin High School. Kung ang paggamit ng Metro Transit ay palalawakin para sa iba pang haiskul sa hinaharap, inaasahan na makakatipid, na nangangahulugan na mas dadami ang pondo para sa pagtuturo.

Ang mga paaralan ay mas madaling mababago ang pagtatakda ng oras ng pasok at uwian. Para sa Ballard at Franklin, ang pagbabago na ito ay nangangahulugan na ang pasok ay magsisimula ng mas tanghali sa susunod na taon. Ang Ballard ay tatagal simula sa 8:20 ng umaga – 2:50 ng hapon. Ang Franklin ay tatagal simula sa 8:00 ng umaga – 2:30 ng hapon.

Ang mga mag-aaral ay mas madaling mababago ang pagpasok o manatili ng mas matagal para makasali sa iba’t-ibang gawain.

Ang mga mag-aaral ay mas madaling mababago ang mga pagpipiliang iskedyul sa pagsakay sa at mula sa paaralan sa pamamagitan ng bus ng Metro

Anong bus ang sasakyan ng aking mag-aaral?

Bago magsimula ang klase sa taglagas, padadalhan namin kayo ng sulat ng tiyak na impormasyon ng ruta sa bawat nararapat na mag-aaral (sa mga nakatira ng mahigit pa sa 2.5 na milya mula sa paaralan). Ang impormasyon na ito ay kabibilangan ng ruta at oras at naiayos na para sa inyong mag-aaral lamang, base sa inyong tirahan.

Paano mababayaran ng aking anak ang pamasahe sa Metro?

Ang mga nararapat na mag-aaral (sa mga nakatira ng mahigit pa sa 2.5 na milya mula sa paaralan) ay makakakuha ng **libreng buwanan na bus pass** para makasakay ng Metro papunta at pauwi ng paaralan.

Bago magsimula ang pasok sa taglagas, padadalhan namin kayo ng Metro "scrip" para sa lahat ng nararapat na mag-aaral (sa mga nakatira ng mahigit pa sa 2.5 na milya mula sa paaralan) para ipambayad sa pamasahe sa unang araw ng pasukan. Ang mga nararapat na mag-aaral ay makukuha ang kanilang bus pass sa paaralan sa unang araw ng pasukan.

Ang bus pass ay magagamit ng libre, walang limitado na pagsakay kada biyahe anumang oras sa Metro Transit **(hindi-espesyal na serbisyo lamang).**

Ang mga mag-aaral na may Metro pass ay maari rin na makasakay sa Community Transit, Everett Transit, Pierce Transit, at Sound Transit's ST Express na bus at Sounder na serbisyo ng tren sa pagdadagdag ng 50 sentimos na pamasahe.

Sino ang aking tatawagan kung ako ay may mga karagdagang tanong?

Kung kayo ay may karagdagang tanong, tumawag po sa ating Bilingual Family Center sa (206) 252-7750.

TAGALOG

Kondisyon sa Paggamit – Metro Pass

Sa pagtanggap nitong Metro Bus Pass ikaw ay sumasang-ayon na sumunod sa Metro Transit/Seattle Public School District Code of Conduct (Katipunan ng Pag-uugali).

Para sa Kaligtasan at Kaginhawahan sa Lahat ng Sumasakay sa Transit:
Ang bawat isa sa inyo na nagbabayad ng tama ay tinatanggap na sumakay ng bus. Ang bawat isa na sumasakay ng bus ay kinakailangang igalang ang karapatan ng ibang parokyano. Ang Metro ay may Katipunan ng Pag-uugali na sumasakop sa pag-uugali sa bus at ipinatutupad ng Lokal at Metro Transit na Pulis.

Alinman sa mga sumusunod na pag-uugali habang nakasakay sa bus ay lumalabag sa Katipunan ng Pag-uugali ng Metro. Ang mga lalabag ay maaring sumailalim sa paghuli, magmulta o mapalayas.

- Tumatanggi na magbayad ng nararapat na pamasahe
- Umiinom ng alak
- Radyo o tape na umaandar ng hindi nakakabit ang earphones
- Nakahiga o sinasakop ang mahigit sa isang upuan
- Nililigalig ang tsuper at iba pang pasahero
- Nag-aaway o lumalapastangan
- Nagkakalat o ginagawang marumi ang kapaligiran
- Sinisira ang ari-arian ng transit
- Hinaharangan ang pasilyo
- Nagsisigarilyo
- May dalang mga materyales na madaling masunog
- Dumudura
- Naglalambitin o inuugoy ang mga bagay na pangharang o poste
- Inilalabas ang anumang bagay o bahagi ng katawan sa pinto o bintana

Ang kumpletong Metro Transit Code of Conduct (Katipunan ng Pag-uugali ng Metro Transit) ay makukuha sa:
County Clerk of the Council offices
King County Courthouse Room 402
516 Third Avenue
Seattle, Washington 98104-2386
at sa halos lahat ng silid-aklatan.

Ang paglabag sa Katipunan ng Pag-uugali ay magbubunga ng pansamantala o permanenteng pagkawala ng iyong bus pass at o pribelehiyo sa pagsakay ng bus.

Nabasa ko ang lahat ng kondisyon sa itaas at pumapayag na sundin ang mga ito.

Pirma ng Mag-aral _____ Isulat ng Palimbag ang Pangalan _____

Petsa _____